REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 20

KAPASIYAHAN PARA SA PAG-"EEXPROPRIATE" NG LUPANG KINALALAGYAN NG BULI ELEMENTARY SCHOOL AT PAGBIBIGAY NG KARAPATAN SA PUNONG BAYAN UPANG MAGHARAP MG KASONG "EXPROPRIATION PROCEEDINGS" SA NABANGGIT NA LUPA.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, tuwing dumarating ang tag-ulan ay binabaha ang Buli Elementary School na siyang nagiging napakalaking suliranin ng mga mag-aaral;

SAPAGKAT, noong taong 1986 ang pamunuan ng Buli Elementary School at Parents Teachers Association ay humingi ng pahintulot sa mga tagapagmana ng dating Punong Bayan Maximino A. Argana ng karapatang magamit ang kanilang lupa para sa Buli Elementary School na may sukat na humigit kumulang limang libo walong daan tatlumpu't siyam (5,839) metro kudrado;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang mga batang nag-aaral sa nasabing paaralan ay humigit kumulang dalawang libo limang daan (2,500);

SAPAGKAT, kinakailangan na maging pag-aari ng Pamahalaang Bayan ang nasabing lupa upang malagyan ng permanenteng silid-aralan para sa dumaraming mag-aaral sa nasabing paaralan;

SAPAGKAT, gumawa na ng maraming paraan at pakiusap sa mga tagapagmana ng may-ari ng lupa subalit lahat ng pakiusap ay walang nangyari;

SAPAGKAT, kinakailangan ng kumilos ang Sangguniang Bayan para sa kabutihan at interes ng higit na nakararami;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagka-isa na makuha ang nasabing lupa sa pamamagitan ng "expropriation" upang magamit ng Buli Elementary School, at dahil dito ay binibigyan ng Sangguniang Bayan ang Punong Bayan ng karapatang magharap ng kasong "Expropriation Proceedings" laban sa mga may-ari ng lupang kinalalagyan ng Buli Elementary School.

PINAGTITIBAY NG NAKARARAMING KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN sa kanilang panglabing-limang pangkaraniwang pulong ngayong ika-23 ng Mayo ,1988.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong
Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punong Bayan/Pang.
Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 20

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L.DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

* KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

*Ang nagmungkahi

RRC:vts